

ARALIN 9

1. Natapos na ba ng Diyos ang paglikha ng langit at lupa?

-Oo.

2. Bakit laging tinatapos ng Diyos ang isang gawain na Kanyang sinimulan?

-Sapagkat hindi nagbabago ang Diyos.

-Sapagkat walang makapipigil sa Diyos na tapusin ang Kanyang gawain.

3. Kapag sinimulan ng Diyos ang isang gawain, maaari bang ihinto ni Satanas o ng kanyang mga demonyo ang Kanyang gawain?

-Hindi.

4. Bakit nagpahinga ang Diyos sa ikapitong araw?

-Sapagkat natapos nang likhain ng Diyos ang lahat ng Kanyang plinanong na likhain.

5. Nilikha ng Diyos ang lahat sa ilang araw?

-Anim na araw lamang.

6. Kung walang ulan sa simula, paanong dinidiligan ng Diyos ang lupa?

-Dinidiligan ng Diyos ang lupa sa pamamagitan ng hamog na nagmula sa lupa.

7. Ano ang pangalan ng hardin na tinamnan ng Diyos?

-Ang Hardin ng Eden.

8. Para kanino tinamnan ng Diyos ang Hardin ng Eden?

-Para kay Adan.

9. Bakit tinamnan ng Diyos ang hardin para kay Adan?

-Dahil mahal na mahal ng Diyos si Adan.

10. Bakit hindi tinanong ng Diyos si Adan kung maaari Niyang ilagay si Adan sa Hardin ng Eden?

-Dahil nilikha ng Diyos si Adan, si Adan ay pag-aari ng Diyos.

11. Dahil nilikha ng Diyos ang lahat ng tao, sino ang nagmamay-ari ng lahat ng tao?

-Lahat ng tao ay pag-aari ng Diyos.

12. Ano ang pangalan ng unang punong itinanim ng Diyos sa gitna ng Hardin ng Eden?

-Ang Puno ng Buhay.

13. Bakit itinanim ng Diyos ang Puno ng Buhay sa gitna ng Hardin ng Eden?

-Nais ng Diyos na kumain si Adan mula sa puno at mabuhay magpakailanman.

14. Ano ang pangalan ng pangalawang punong itinanim ng Diyos sa gitna ng Halamanan ng Eden?

-Ang Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama.

15. Para sa Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama, ano ang utos na ibinigay ng Diyos kay Adan?

-Inutusan ng Diyos si Adan na huwag kainin ang bunga nito.

16. Kung kakainin ni Adan ang bunga ng Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama, ano ang mangyayari?

-Mamamatay si Adan.

17. Ano ang kamatayan?

-Paghihiwalay sa Diyos, ang nagbibigay ng buhay.

-Paghihiwalay ng kaluluwa sa katawan.

-Paghihiwalay tungo sa Lawa ng Hindi-namamatay na Apoy.

-Basahin natin ang sinabi ng Diyos pagkatapos Niyang likhain si Adan:

Basahin natin ang Genesis 2:18

18-At sinabi ng Panginoong Diyos, “Hindi mabuti na ang lalaki ay nag-iisa; siya’y igagawa ko ng isang katuwang na nababagay sa kanya.”

-Nagpasya ang Diyos na hindi dapat mamuhay nang mag-isa si Adan.

-Nagpasya ang Diyos na lumikha ng asawa para kay Adan.

-Hindi tinanong ng Diyos si Adan kung ano ang gusto ni Adan.

-Ang Diyos lamang ang nagpasya na lumikha ng asawa para kay Adan.

-Bakit nagpasya ang Diyos na lumikha ng asawa para kay Adan?

-Dahil mahal na mahal ng Diyos si Adan.

-Dahil ayaw ng Diyos na mag-isa si Adan.

Basahin natin ang Genesis 2:19-20a

19-Kaya’t mula sa lupa ay nilalang ng Panginoong Diyos ang lahat ng hayop sa parang at ang lahat ng ibon sa himpapawid; at dinala sa lalaki upang malaman kung anong itatawag niya sa mga iyon. At anuman ang itawag ng lalaki sa bawat buháy na nilalang ay siyang pangalan nito.

20-At pinangalanan ng lalaki ang lahat ng hayop at ang mga ibon sa himpapawid, at ang bawat hayop sa parang;

-Sa simula, ginawa ng Diyos si Adan na tagapamahala ng buong mundo.

-Sa simula, ginawa rin ng Diyos si Adan na tagapamahala ng lahat ng hayop.

-Hiniling ng Diyos kay Adan na bigyan ng pangalan ang lahat ng hayop.

-Kaya pinangalanan ni Adan ang lahat ng mga hayop.

-Ngunit si Adan pa rin ang nag-iisang tao sa lupa.

Basahin natin ang Genesis 2:20b

20-Subalit para sa lalaki ay walang nakitang katuwang na nababagay para sa kanya.

-Nilalang ba ng Diyos ang mga tao at hayop ng magkawangis?

-Hindi.

-Paano nilalang ng Diyos ang mga tao at hayop nang magkaiba?

-Hindi nilalang ng Diyos ang mga hayop ayon sa Kanyang wangis.

-Nilalang lamang ng Diyos ang mga tao ayon sa Kanyang wangis.

-Maaaring makilala ng mga tao ang Diyos, ngunit hindi makilala ng mga hayop ang Diyos.

-Maaaring mahalin ng mga tao ang Diyos, ngunit hindi kayang mahalin ng mga hayop ang Diyos.

-Ang mga tao ay maaaring pumili ng Diyos, ngunit ang mga hayop ay hindi maaaring pumili ng Diyos.

-Kung may iniisip si Adan, maaari ba niyang hilingin sa mga hayop na mag-isip kasama niya?

-Hindi.

-Kung masaya o malungkot si Adan, maaari ba niyang hilingin sa mga hayop na maging masaya o malungkot kasama niya?

-Hindi.

-Kung gustong pumili ni Adan ng gagawin, maaari ba niyang tanungin ang mga hayop kung pipiliin nilang gawin ito kasama niya?

-Hindi.

-Ang mga hayop ba ay angkop na makasama ni Adan?

-Hindi.

-Kailangan ni Adan ng angkop na makakasama na makakausap niya.

-Dahil mahal ng Diyos si Adan, nagpasya ang Diyos na lumikha ng asawa para kay Adan.

-Nakalikha ba si Adan ng asawa para sa kanyang sarili?

-Hindi.

-Nakalikha ba si Satanas at ang kanyang mga demonyo ng asawa para kay Adan?

-Hindi.

-Sino lamang ang nakalikha ng asawa para kay Adan?

-Diyos.

-Isang araw, nilalang ng Diyos ang isang asawa para kay Adan.

Basahin natin ang Genesis 2:21-22

21-Kaya't pinatulog nang mahimbing ng Panginoong Diyos ang lalaki, at habang siya'y natutulog, kinuha niya ang isa sa kanyang mga tadyang at pinaghilom ang laman sa lugar na iyon;

22-At ang tadyang na kinuha ng Panginoong Diyos sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa lalaki.

-Ang Diyos lamang ang nakalikha ng asawa para kay Adan.

-Ang kapangyarihan ng Diyos ay hindi nagwawakas.

-Walang hindi kayang gawin ang Diyos.

-Nilikha ng Diyos ang unang babae, at ibinigay siya bilang regalo kay Adan.

-Kung may nagbigay sa iyo ng magandang regalo, aalagaan mo ba itong mabuti?

-Oo.

-Kung may nagbigay sa iyo ng baka, aalagaan mo ba itong mabuti?

-Oo.

-Kung may nagbigay sa iyo ng kotse, aalagaan mo ba itong mabuti?
-Oo.

-Nilikha ng Diyos ang unang babae, at ibinigay siya kay Adan bilang isang dakilang regalo.

-Nais ng Diyos na pangalagaang mabuti ni Adan ang kanyang asawa.

-Nais ng Diyos na mahalin ni Adan ang kanyang asawa.

-Basahin natin ang sinabi ni Adan nang ibigay sa kanya ng Diyos ang kanyang asawa:

Basahin natin ang Genesis 2:23-24

23-At sinabi ng lalaki, “Sa wakas, ito’y buto ng aking mga buto at laman ng aking laman. Siya’y tatawaging Babae, sapagkat sa Lalaki siya kinuha.”

24-Kaya’t iniwan ng lalaki ang kanyang ama at ang kanyang ina, at pumipisan sa kanyang asawa; at sila’y nagiging isang laman.

-Ginawa ng Diyos ang babae para sa lalaki upang sila ay maikasal.

-Ginawa ng Diyos ang babae para sa lalaki upang sila ay mabuhay nang magkasama.

-Ginawa ng Diyos ang babae para sa lalaki upang sila ay magkaanak.

-Lahat ng ginagawa ng Diyos ay mabuti.
-Lahat ng ginagawa ng Diyos ay perpekto.
-Iyon ay dahil ang Diyos ay tunay na mabuti at perpekto.

-Ang Diyos ay hindi makapag-iisip ng anumang masama.
-Hindi masasabi ng Diyos ang anumang masama.

-Ang Diyos ay hindi makagagawa ng anumang masama.

-Sa palagay mo ba ay masaya si Adan na tumanggap ng isang asawa na dakilang regalo?

-Oo.

-Masayang-masaya si Adam.

-Ano ang pangalan ng asawa ni Adan?

-Ang pangalan ng asawa ni Adan ay Eba.

Basahin natin ang Genesis 2:25

25-Ang lalaki at ang kanyang asawa ay kapwa hubad, ngunit sila’y hindi nahihiya.

-Sa simula, si Adan ay walang ikinahihiya.

-Sa simula, si Eba ay wala ring ikinahihiya.

-Sa simula, nilikha ng Diyos sina Adan at Eba na perpekto.

-Sa simula, sina Adan at Eba ay walang alam na masama.

-Sa simula, lumakad sina Adan at Eba kasama ng Diyos, nang napakasaya.